# Modyul 12
# Pagsusuri sa Akda Batay sa Iba't ibang Pananaw



## Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Heto na naman ako para batiin ka dahil maluwalhati mong natapos ang unang modyul ng El Filibusterismo at tiyak ko, nakilala mo nang lubusan ang karamihan sa mga tauhang nilikha ni Dr. Jose Rizal pati na ang ilan sa kanyang mga paniniwala.

Ngayon, isa na namang modyul ng El Filibusterismo ang pag-aaralan mo. Makikilala mo rito ang iba pang mga tauhan nito, at ang paghahasik ng galit ng ating pambansang bayani laban sa mga mapaniil na kastila. Malalaman mo rin dito ang iba pang kanser o sakit ng lipunan na siyang nais ipabatid sa atin ni Dr. Jose Rizal. Kung paano ito nagawa ay malalaman mo kung uunawain mo ang mga kabanatang nakapaloob sa modyul na ito tulad ng Kabanata XI – Los Baños , Kabanata XII – Placido Penitente, Kabanata XIII – Ang klase sa Pisika na binigyan ko ng pamagat na "Mga Sakit ng Kalooban". Nandito rin ang Kabanata XIV – Sa Bahay ng mga Estudyante, Kabanata XV – Si Ginoong Pasta at Kabanata XVI – Ang Mga Kapighatian ng Isang Intsik na binigyan ko naman ng pamagat na 'Kahilingan. Dito mo rin mababasa ang buod ng Kabanata XVII- Ang Perya sa Quiapo, Kabanata XVIII – Mga Kadayaan, Kabanata XIX – Ang Mitsa at Kabanata XX – Ang Nagpapalagay na binigyan ko ng pamagat na ' Mga Palaisipan'.


Syempre, may mga gawaing sadyang ginawa ko para sa iyo, mga gawaing tutulungan kang malinang ang pagsusuring panglingwistika, pagsusuring pangnilalaman at pagsusuring pampanitikan. Sa bagay na ito, maaari mong maiugnay ang mga dati mo nang alam, pati ang iyong karanasan sa bagong kaalamang makukuha mo rito.

Huwag kang mag-alala. Madali lamang ang mga gawain sa mdyul na ito.
. Maniwala ka, kayang-kaya mo. Handa ka na ba? Kung gayon, simulan mo na.



## Ano ang Matututunan mo?

Nailalapat at napapahalagahan ang mga batayang kaalaman at pamantayan sa pagsasagawa ng isang masining na pagsusuri.



## *Paano Mo Sasagutin Ang Modyul na ito?*

Muli kong sasabihin sa iyo, malaki ang tulong na maibibigay sa iyo ng modyul na ito tulad ng nakaraang modyul, sundin mo ang mga panuto nito at tiyak magiging maayos ang iyong pag-aaral

1. May panimulang pagsusulat sa bahaging “Ano Ba Ang Alam mo? Susukatin nito ang kaalaman mo kaya sagutan ito nang maayos.
2. Pagkatapos ng pagsusulit, kunin mo sa inyong guro ang susi sa pagwawasto.
3. Basahin mo at unawaing mabuti ang mga buod sa bawat aralin.
4. May mga gawaing inihanda para sa iyo, sagutan mo ang mga ito.
5. Sagutin mo rin ang pangwakas na gawain, ang bahaging “Subukin Mo” at “Gaano ka na kahusay?”
6. Huwag mong sulatan ang modyul na ito kaya sa ibang papel ka sumagot.
7. Muli mong kunin sa iyong guro ang susi na pagwawasto.



## *Ano Ba Ang Alam Mo?*

Ang susunod na gawain ay susukat sa kaalaman mo sa araling ito. Ito ay panimulang pagsusulit lamang.

Panuto: Piliin ang titik ng wastong sagot.

1. “ Ang mga Indiyo ay di dapat matuto ng Kastila at pag natuto, makikipagtalo sa mga Kastila”. Ang kaisipan ng pahayag ay nangangahulugang ___________.
   a. Ang mga Pilipino, kailanma’y di matututong magsalita ng Kastila.
   b. Kapag natutong magsalita ng Kastila ang Pilipino, makapangangatwiran na sila sa dayuhan.
   c. Ayaw ng Kastilang matutong mangastila ang Pilipino sapagkat takot silang lumaban ang mga ito.
   d. Tanging mga Kastila lamang ang dapat magsalita ng wikang Kastila.

2. Si Juanito Pelaez ay totoong bulastog, mapagbiro at umaasa lamang sa iba. Ang salitang bulastog ay ___________.
   a. palatawa c. mapagmataas
   b. palabati d. mayabang

3. Kapansin-pansin na ang mga estudyante ay parang ponograpo kung tumugon. Ang parang ponograpo ay nangangahulugang ____________.
   a. paulit-ulit magsalita c. sumasagot nang totohanan
   b. nagsasalita nang di naiintindihan d. sagot nang sagot

4. Ipinalalagay ni ____________ na ang mga tulisan ay siyang lalong may karangalan sa lupaing ito.
   a. Kapitan Heneral            c. Basilio
   b. Simoun            d. Isagani

5. Kinagigiliwan ng mga propesor si ___________.
   a. Isagani            c. Juanito Pelaez
   b. Basilio            d. Placido Penitente

6. Ipinaalam na ni ___________ na gusto na niyang tumigil sa pag-aaral.
   a. Juanito Pelaez            c. Tadeo
   b. Placido Penitente            d. Basilio

7. Alin kaya ang dapat na ginawa ni Placido Penitente sa panlalait ng kanyang propesor?
   a. mangatwiran            c. magdabog na lamang
   b. magsawalang-kibo            d. umalis nang walang paalam

8. Hindi dapat lumagda ang sinuman sa anumang bagay na hindi niya nauunawaan. Ang pahayag ay ___________.
   a. isang katotohanan            c. madaliang konklusyon
   b. sariling palagay            d. patnubay sa buhay

9-10. Alin-alin ang mga kahalagahan ng pagiging huwarang mag-aaral?
   a. pupurihin ng mga tao
   b. mabibigyan ng parangal
   c. magtatagumpay sa kinabukasan
   d. makatutulong sa guro
   e. magiging halimbawa ng iba

# V. Aralin I. Mga Sakit ng Kalooban

## A. Anu-ano Ang Mga Tiyak na Matutunan Mo?

Matapos mong mabasa ang mga kabanata XI hanggang Kabanata XIII ng El Filibusterismo, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan.:

1. Nabibigyang-kahulugan ang mga piling pariralang nabanggit sa akda


2. Naiisa-isa ang katangian ng mga tauhan batay sa papel na ginagampanan nila.
3. Nasusuri ang uri ng tunggalian sa akda sa tulong ng teoryang eksisitensyal

4. Naisusulat ang talatang nagpapaliwanag ng kaugnayan ng tauhan sa mga pangyayari sa lipunan.
5. Nasasabi ang kahalagahan ng pag-aaral nang mabuti.

## B. Mga Gawain Sa Pagkatuto

**1. Alamin mo…**

Panuto: Isulat mo sa loob ng kahon ang mga salitang kaugnay ng mga salitang nasa loob ng bilog.




Hingin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto, kung ito ay malapit sa wastong sagot, ito ay katanggap-tanggap.

Pagkatapos nito, tingnan mo kung ano ang kaugnayan ng mga salitang inilagay mo sa loob ng kahon sa aralin o akdang babasahin mo. Handa ka na ba?

**2. Basahin mo…**

## Mga Sakit ng Kalooban

Ang Kapitan Heneral, kasama ang isang banda ng musiko ay nangaso sa Busubuso ngunit walang nahuli kahit ano, kaya iniutos ito na magbalik na lamang sa Los Baños. Dito, kasama sina Padre Irene, Padre Sibyla at Padre Camorra at naglaro sila ng tresilyo. Hindi alam ni Padre Camorra na galit na galit ang dalawang pare ay nagpapatalo lamang upang mabigyang kasiyahan ang kapitan Heneral. Nais na ilapit ni Padre Irene, ang tagapagsalita ng mga estudyante ang tungkol sa Akademya ng Wikang Kastila.

Nagkaroon din ng parunggitan ang mga prayle at si Simoun. Ayon sa mag-aalahas "Ang mga tulisan ay siyang lalong may karangalan sa lupaing ito, sila ang tanging nabubuhay sa mabuting paraan," sapagkat nang siya ay hinirang ng mga ito, mga baril lamang ang kinuha sa kanya. Kung ang mga prayle raw ang nangharang sa kanya, tiyak, kalahati ng mga hiyas ang kukunin ng mga ito.

Pinigil ng Kapitan Heneral ang parunggitan at marami pa ang napag-usapan ang tungkol sa gurong tinuturing nilang pilibustero at ang tungkol sa bahay-paaralan na hinihiling ng mg estudyante. Iminungkahi ni Don Custodio na gawing paaralan ang sabungan. Tungkol naman sa Akademya ng Wikang Kastila, nararamdaman ni Padre Irene na wala itong pag-asa dahil sa tutol dito si Simoun. Bukod dito, sinabi ni Padre Camorra, "Ang Indiyo ay di dapat matuto ng kastila at pag natuto, makikipagtalo sila sa mga Kastila.

Samantala, malungkot si Placido Penitente habang patungo sa Unibersidad ng Santo Tomas. Dalawang ulit na niyang sinulatan ang kanyang ina upang ipaalam dito ang pagnanais niyang tumigil na sa pag-aaral ngunit ang bagay na ito ay labis na pinagtataka ng kanyang mga kababayan. Alam nilang si Placido ang pinakamatalino sa klase ni Padre Valerio noon. Sa kanyang paglalakad, nakita siya ni Juanito Pelaez, ang mapanlangis at kinagigiliwan ng mga propesor.

Siya ay bulastog, totoong mapagbiro at umaasa sa katalinuhan ni Placido Penitente. Ikinuwento nito na nagbakasyon sila ni Padre Camorra sa bayan ng Tiani at doon ay ipinagmalaki niya ang ginawang panghaharana sa maraming magagandang dalaga roon. Maging ang katipan ni Basilio na si Huli ay nakilala din niya. Di umano napakasungit nito ngunit gaya ng iba, may mangyayari rin daw dito. Naiba ang pag-uusap nila nang itanong ni Juanito ang tungkol sa kanilang aralin na may kinalaman sa salamin. At nag-aya siyang mag-dia pichido na lamang sila. Ang dia pichido sa Maynila ay ang araw na naiipit sa dalawang araw ng pista at karaniwang kinatatamaran nang ipasok ng mga estudyante. ngunit bago mangyari ito, biglang naalala ni Juanito na siya ay naatasang mangilak ng ambagan para sa bantayog ni Padre Baltazar, kaya hinimok niya ang binata na mag-ambag upang masabing galante at tiyak hindi masasayang ang kanyang abuloy.

Nang malapit na sila sa unibersidad, naroon si Isagani na nakikipagtalo tungkol sa kanilang aralin nang dumating si Paulita Gomez, at kasama ang tiyahing si Donya Victorina. Naroon din si Tadeo, na pumapasok araw-araw upang itanong kung may pasok. Nagpatuloy sa paglalakad si Placido nang may nagpalagda sa kanya ngunit hindi niya ito pinirmahan sapagkat ayon sa kanya, hindi siya lumalagda sa anumang hindi niya naiintindihan at nagmamadali na siyang umalis patungo sa kanyang klase. Sa pagpasok ni Placido sa klase, nakita siya ng kanyang propesor at parang sinabi na "Walang galang, magbabayad ka rin sa akin." Ito ay si Padre Millon na batang Dominikong napabantog sa Pilosopiya.

Sa loob ng klase, makikitang ito ay walang palamuti ngunit may kasangkapang ipinakikita lamang kung may mga dayuhang bisita upang masabing hindi nahuhuli ang unibersidad ng Sto Tomas sa ibang bansa sa kahusayan sa pagtuturo at kaya lamang di natututo ang mga Pilipino ay dahil sa katutubo sa mga ito ang kawalang-katalinuhan.

Sa pagkaklase, kapansin-pansin na ang mga estudyante ay parang ponograpo kung tumugon. Nang tawagin si Juanito, nagpatulong ito kay Placido at iyon ang sanhi kung bakit ang napagbalingan ng propesor hanggang sa inulan ng mura ang pobreng binata na nilapatan ng labinglimang pagliban. Napatindig si Placido ngunit nagpatuloy ang propesor sa panunuya. Kaawa-awang Placido at tinawag itong Pacidong Bulong. Nagpanting ang tenga nito at nagwikang "Maaari ninyo akong markahan ng anumang marka ngunit wala kayong karapatang umaglahi sa akin" at pagkatapos, nagmamadali itong umalis.

Napatigagal ang klase at nagpatuloy na rin ang propesor sa kanyang sermon at nang tumugtog ang kampanilya, dalawangdaan at tatlumpu't apat na estudyante ang pumasok sa klaseng yaon at naglabasan nang walang nalalaman nang sa gayon ding kalagayan.

Naintindihan mo ba ang iyong binasa? Nakilala mo ba ang iba pang mga tauhan? Maiuugnay mo ba ang mga tauhang nakilala mo sa kanilang kapwa at sa lipunan? Naunawaan mo ba ang katotohanan at di katotohanan sa mga tauhang ito batay sa kanilang pahayag, kilos, gawi at paniniwala? Nakita mo ba ang tunggalian ng tao sa kanyang kapwa.

Kung naunawaan mo ang iyong binasa, tiyak na handa ka na sa mga susunod na gawain.

**3. Linangin Mo**…

**A. Pagsusuring Panglingwistika**


Piliin sa Hanay B ang kasingkahulugan ng mga pariralang nasa Hanay A. Titik lamang ang isulat.

| **Hanay A** | **Hanay B** |
|---|---|
| 1. parunggitan ng mga prayle | a. rebelde |
| 2. pilibustero sa lungsod | b. natigilan |
| 3. naatasan ng guro | c. humamak |
| 4. umaglahi sa pagkatao | d. nautusan |
| 5. natigagal sa nang yari | e. parinigan |
| | f. nahingan |

Kung tapos ka na, kunin mo sa iyong guro ang susi sa pgwawasto nang makatiyak ka sa kawastuhan ng iyong sagot.

**B. Pagsusuring Pangnilalaman**

Panuto: Sa tulong ng dayagram, ibigay ang katangian/ kahinaan ng mga tauhan at ang mga patunay na taglay nila ang inilahad na katangian/ kahinaan.




Madali lamang di ba? Kunin mo muli ang susi ng pagwawasto na nasa iyong guro, kung ito ay malapit sa tamang sagot, ito ay katanggap-tanggap.

**C.Pagsusuring Pampanitikan**


Bago mo sagutin ang kasunod na gawain alamin mo muna ang nasa loob ng kahon.

| |
|---|
| **Teoryang Eksistensyalismo**<br>Sa teoryang ito, naniniwala na ang tao ay makapangyarihan. Hawak niya ang kanyang sarili, mula sa kanyang iniisip, pinaniniwalaan at pagpapasya. Anuman ang kanyang gagawin, ito ay kanyang pananagutan. |

Panuto: Batay sa teoryang eksistensyalismo, isulat sa ilalim ng kahon ang mga sitwasyon mga pangyayaring tumutugon sa pagkakatulad nina Placido Penitente at Padre Millon.

**Tunggalian sa Nobela**

Isang mahalagang sangkap ng isang nobela ay ang tunggalian. Ito ang siyang nagapapaigting sa paglalahad ng mga karanasang tinipon ng isang manunulat .Sa bahaging ito ng pag-aaral, ang isa sa uri ng tunggalian ay ang tunggalian ng tao sa tao kung saan ipinakikita na ang kabiguan ng tao ay dulot ng kanyang kapwa.




Matapos mong maisagawa ang gawain, kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Kung malapit ang sagot, ito ay katanggap-tanggap.

Tingnan mo naman ang susunod na gawain. Kayang-kaya mo ito. Muli, sundin din mo ang panuto.

**B. Halagang Pangkatauhan**

Panuto: Sa tulong ng dayagram itala ang mga katangian ng isang huwarang mag-aaral.




Madali mo bang naibigay ang sagot. Kung ito ay malapit sa wastong sagot na nasa susi ng pagwawasto, ito ay katanggap-tanggap. Ngayon, dagdagan pa natin ang iyong kaalaman.

**4. Palalimin Mo…**

Panuto: Dugtungan ang pahayag batay sa pagkaunawa mo sa konseptong nakuha sa aralin.

Nauunawaan ko ang saloobin ni ______________________________________
na dapat ngang ________________________________________________________
ngunit ______________________________________________________________
sapagkat _____________________________________________________________
kaya ________________________________________________________________

Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Kung malapit ang iyong sagot, ito ay katanggap-tanggap.

**5. Gamitin Mo…**

Panuto: Matamang basahin ang kasunod na sitwasyon at sagutin ang kasunod na tanong.

1. Ikaw ay naatasang makipag-usap sa inyong guro hinggil sa inyong planong makipag-usap sa pamunuan ng paaralan dahil sa mga karaingan ng buong klase at hindi ka pinayagan, ano ang gagawin mo?

2. Ipinahiya ka ng iyong guro sa loob ng klase, paano mo ito haharapin?

Iwasto mo ang iyong sagot. Kunin mo ang susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Kung malapit sa tamang sagot, ito ay katanggap-tanggap.

**6. Sulatin Mo…**

Panuto: Pumili ng isa sa mga tauhan at sumulat ng talata ng pagpapaliwanag hinggil sa kaugnayan ng tauhan o sa mga pangyayari sa lipunan. Kumuha ng ibang papel. Huwag mong sulatan ang modyul na ito upang magamit pa ito ng iba na nais matuto na tulad mo.nais ding matutong tulad mo.

Tulad ng dati, iwasto mo ang iyong sagot. Kung ito ay malapit sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro, ito ay katanggap-tanggap.

7. **Lagumin Mo**…

Panuto: Lagyan mo ng tsek (☑) ang natutunan mo na sa aralin.

| | OO | HINDI | DI-TIYAK |
|---|---|---|---|
| 1. Nakita ang paglalangis sa may kapangyarihan | | | |
| 2. Hinihiling ng mga estudyante na magkaroon ng Akademya ng Wikang Kastila | | | |
| 3. Ang pagnanais ni Placido na tumigil sa pag-aaral. | | | |
| 4. Gagawa ng paraan si Padre Camorra na makuha si Huli. | | | |
| 5. Walang natututuhan ang karaniwang mag-aaral noon | | | |
| 6. Ginagamit lamang ang mga kasangkapan kapag may mga dayuhang panauhin. | | | |
| 7. Ipinasasaulo ni Padre Millon ang aralin nang hindi ito ipinaliliwanag | | | |
| .8. Ipinalalagay ni Padre Millon na tanga ang kanyang mga estudyante | | | |
| 9. Ang prinsipyo ni Rizal sa pagtuturo ay nananatili pa rin hanggang ngayon. | | | |
| 10. Marami ang katulad ni Juanito Pelaez. | | | |

.

Tingnan mo ang iyong sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Kung ang iyong sagot ay malapit, ito ay katanggap-tanggap.

**8. Subukin Mo…**

Piliin ang titik ng wastong sagot:

1. Ayon kay Juanito Pelaez, “Balang araw, may mangyayari rin kay Huli kahit na ito ay napakasungit.” Ang pahayag ay nangangahulugang ______________.
   a. di titigilan ni Padre Camorra Si Huli.
   b. talagang napakasungit ni Huli.
   c. dapat lang may nmangyari kay Huli.
   d. si Juanito Pelaez ay manghuhula.

2. Sa pahayag na, “Maaari ninyo akong markahan ng anumang marka, ngunit wala kayong karapatang umaglahi sa akin”. Nangangahulugang ang nagsasalita ay ____________.

a. nagagalit
b. nangangatwiran
c. nagpapaliwanag
d. naaasar

3. “ Walang galang, magbabayad ka rin sa akin.” Ito ang pahayag ni Padre Millon nang huling dumating sa klase si Placido. Ang pahayag ng nagsasalita ay nangangahulugang siya ay ____________.

a. nagsisisi
b.naniningil
c. nagbabanta
d. nanghihinayang

4. Iminungkahi ni _____________ na gawing paaralan ang sabungan.

a. Kapitan Heneral
b. Don Custodio
c. Padre Camorra
d.Padre Irene

5. Si ___________ ang pumapasok araw-araw para itanong kung may klase.

a. Juanito Pelaez
b. Placido Penitente
c. Makaraeg
d. Tadeo

6. Ikinagalit ni __________ ang muling pagpasok ni Placido nang huli sa klase.

a. Padre Valerio
b. Padre Millon
c. Padre Baltazar
d. Padre Sibyla

7. Sa pahayag ni Simoun na “ang sama ay nasa mga tulisan sa loob ng bayan at sa mga lunsod”, napatutunayang ___________.
a. nagagalit siya sa mga tulisan.
b. nagkalat ang mga tulisan sa bayan.
c. tulisan ang turing niya sa mga prayle.
d.ang mga nasa lunsod ay mga tulisan

8. Sa sinabi ni Placidong “Sa inyo na ang inyong klase” at ang estudtante ay umalis nang walang paalam., pinatutunayang si Placido ay ___________.
a.mapagtimpi ngunit marunong ding magalit
b. tahimik pero maaari ring sumigaw.
c. sadyang walang galang kapag nahuhuli sa klase.
d. mapagpanggap na tahimik pero mapanganib.

9-10. Alin-alin ang ibinubunga ng pagiging matimpi?
a. bumubuti ang kalooban
b. nababawasan ang sama ng loob
c. naiiwasan ang alitan
d. hinahangaan ng kapwa
e. mapupuri ang sarili

Kung tapos ka na, iwasto mo ang iyong sagot. Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Kung ang iskor mo ay 7-10, maaari kang pumunta sa susunod na pagsasanay. Kung ang iskor mo ay 6 pababa, gawin mo ang susunod na pagsasanay.

**9. Paunlarin Mo…**

Panuto: Alamin mo ang pahayag na nasa hugis-parihaba. Magsimula ka sa X papunta sa kanan at bilugan ang bawat ikalawang titik.

| | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| X | A | A | N | B | G | C | T | D | A | E | O | F | N | G | G | H | M | I | A | J | T |
| | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | K |
| B | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | I |
| I | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | L |
| Z | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | M |
| L | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | M |
| Y | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | P |
| A | T | M | W | A | V | M | U | A | T | N | S | I | R | D | Q | Y | P | A | O | I | N |

## *VI. Aralin 2: Kahilingan*


A. Anu- ano ang mga Tiyak na Matututunan Mo?
Matapos mong mabasa ang mga kabanata XIV hanggang kabanata XVI ng El Filibusterismo, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan:

1. Nabibigyan kahulugan ang mahihirap na salitang ginamit sa kda.
2. Napagsusunud-sunod ang mga mahahalagang pangyayari sa akda
3. Nasusuri ang pagkamakatotohanan at di makatotohanang pagbuo ng mga tauhan batay sa kilos, gawi, pananalita, at paniniwala.
4. Nabubuo ang saknong na kinapapalooban ng pangunahing kaisipan sa akda.
5. Naipahahayag ang kahalagahan ng tamang gawi at kilos sa isang hangarin.

### B. Mga Gawain sa Pagkatuto

1. Alamin Mo…

Panuto: Isulat ang angkop na titik sa bawat kahon upang matukoy ang sinasaad sa bawat bilang




1. Ang Dakilang Lumikha
2. Ang gabay ng tao sa magandang asal.
3. Ang kasingkahulugan ng gabay
4. Ang ama at ina
5. Ang bukalan ng dunong at kaalaman ng tao
6. Ang pangalawang ina sa paaralan
7. Ang sagisag ng magandang pagbabago sa buhay
8. Ang tawag sa mga inaasam ng tao

Natapos mo na ba ang gawain.? Madali lamang di ba? Ngayon, makikita mo sa ipababasa ko sa iyong isang bahagi ng El Filibusterismo ang kaugnayan ng nakaraaang gawain. Simulan mo na.

**Kahilingan**

Malaki at maaliwalas ang bahay ni Makaraeg. Magmula ika-10 ng umaga, maingay ang lugar na yaon. Naroon din ang isang intsik na nagtutungayaw sa mga estudyanteng bumibili sa kanya. Mayroon ding mga batang umiiyak sa magkabilang silid.

Unti-unting napapawi ang mga ingay at tawanan nang magsidating ang mga estudyanteng inanyayahan ni Makaraeg tulad nina Sandoval na bagamat Kastila ay kaisa na mga kabataang estuyante sa balak na paaralan at si Pecson na di umaasa sapagkat takot ang mga dayuhan na magkaroon ng iisang wika na tulay sa pagkakaunawaan at pagkakaisa ng mga Pilipino, ngunit ayon kay Sandoval, dapat daw sumunod ang unibersidad sa pangangailangan ng mga estudyante.

Sinabi ni Makaraeg ang ginawang pakikipag-usap kay Padre Irene sa Kapitan Heneral sa Los Baños at ang pagsalungat ng nakararami sa panukala kaya naisipan nila ang dalawang paraan upang pumanig sa kanila si Don Custodio. Una ang pakiusapan si Quiroga at kausapin si Pepay. Nabanggit si G. Pasta  na tagapayo ni Don Custodio at ito ang napagkasunduan nilang uunahing kausapin at si Isagani ang magsasagawa nito.

Kinabukasan nga ay nagpunta si Isagani sa tanggapan ni G.Pasta, ngunit bigo ang binata sa kanyang pakay sapagkat ayon kay G.Pasta, marami siyang pag-aari. Hayaan na raw sa pamahalaan ang lahat. Siya tulad ni Padre Florentino ay may katulad na pasya na kaagad namang sinagot ni Isagani na itinuro ng kanyang amain ang pag-aalaala sa iba tulad ng pag-aalaala sa sarili at sa kalagayan ng lalo pang aba.

Sinikap ni G.Pasta na mapapanig si Isagani sa kanyang paniniwala. Higit raw siyang mauunawaan kapag ang kabataan ay nagkaroon ng uban ngunit kaagad namang tumugon ang binata ng ganito ‘kung ako’y magkakaroon ng ubang tulad niyan, at pag-inilingon ko ang aking paningin sa nakaraan, at nakita kong wala akong nagawa kundi ang ukol lamang sa sarili, na hindi ginawa ang maaaring gawin at dapat kong gawin sa bayang nagbigay sa akin ng lahat ng bagay, bawat uban ng magiging tinik at hindi ko ipagkakapuri kundi ikahihiya.’

Kinagabihan naman, naghandog ng piging si Quiroga sapagkat hangad niyang magtatag ng isang konsulado ng Tsina sa Pilipinas at siya ang konsul. Naroon ang mga prayle. Pagkatapos ng hapunan,  dumating si Simoun. Ang lahat ng mga negosyante ay naglapitan sa kanya at kani-kaniyang hiling sa ikaaayos ng kanilang negosyo at may mga dumadaing. Si Quiroga nama’y umaangal sapagkat ayon sa kanya, siya ay nalulugi. Ayon kay Simoun, babawasan niya ng dalawang libo ang utang nito kung papayag itong itago sa kanyang bodega ang mga armas na dumating. Hindi raw dapat mangamba si Quiroga sapagkat ang mga baril na yaon ay unti-unting ililipat sa iba-ibang bahay. Kapag di pumyag ang intsik sisingilin siya ng  siyam na libo kaya kahit takot at may alinlangan ay napilitang pumayag si Quiroga.

Sa isang pangkat naman, nag-uusap sina Ben Zayb, Juanito Pelaez at iba pa ukol sa perya ni Mr.Leeds, na di umano ay may ulong nagsasalita. Sumabad si Simoun na upang makatiyak, inanyayahan niya ang mga ito na panoorin ang bantog na espinghe.

Naunawaan mo ba ang iyong binasa? Kung gayon, gawin mo na ang susunod na gawain.

**3. Linangin Mo**…

**a. Pagsusuring Panlinggwistika**

Panuto: Piliin sa Hanay B ang titik ng kahulugang ibinibigay ng mga salitang nasa Hanay A

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. Maaliwalas ang bahay ni Makaraeg. | a. nagsisigaw |
| 2. Nagtutungayaw ang intsik sa mga bata. | b. mapasang-ayon |


3. Unting-unti rin ang mga ingay. — c. maliwanag
4. Bigo ang binata sa kanyang pakay. — d. nawala
5. Nais ng binatang mapapanig ito sa kanyang paniniwala. — e. nasa

Nahirapan ka ba? Madali lamang,di ba? Ngayon naman, may panibago akong gawaing inihanda. Subukin mong gawin at makikita mong kayang-kaya mo ito.

b**. Pagsusuring Pangnilalaman**

Panuto: Ayusin mo ang mga pangyayari ayon sa pagkakasunud-sunod. Isulat mo ang tamang bilang gamit ang ladder sa ibaba.

1.Naghandog ng piging si Quiroga.
2. Nagkita-kita ang mga estudyante sa bahay ni Makaraeg.
3. Nagpatago ng mga baril si Simoun sa bahay ni Quiroga.
4. Nakipag-usap si Isagani kay G.Pasta.
5. Nagbalak ang mga estudyante kung sinu-sino ang hihingan ng tulong.
6. Nalaman ng mga estudyante na nabigo si Padre Irene.
7. Nagsabi si Quiroga na siya ay nalulugi.
8. Nag-anyaya si Simoun na manood ng espinghe.
9. Nabigo rin si Isagani sa pakay kay G.Pasta.
10. Napag-usapan ng ibang panauhin ang sinasabing ulong nagsasalita.




Kung tapos ka na, kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Kung ang iskor mo ay 7 pataas, ang galing mo. Kung ang iskor mo ay 6 pababa, huwag kang malungkot. May kasunod pang gawain na tiyak na kayang-kaya mo. Sundin mo lang ang panuto.

C. Pagsusuring Pampanitikan

Bago mo sagutin ang kasunod na gawain alamin mo muna ang nasa loob ng kahon.

]

Ang manunulat ang nagpapapagalaw ng mga pangyayari sa mga kwento o nobelang kinakatha niya .Sa paglalahad niya ng mga katotohanang mula sa hinabing mga kaganapan, nagiging mahalagang sangkap ang paglikha ng mga tauhan. Sila ang nagbibigay-buhay sa kabuuan ng akda.

Sa pagbuo ng tauhang makatotohanan, nilalapatan ng may-akda ang mga nasabing tauhan ng saloobing positibo at negatibo, na kahit anong sama ng tauhan, may buti pa rin itong nagagawa.

Panuto: Isulat mo sa angkop na hanay ang mga katotohanan at di-katotohanang katangian ng mga tauhan batay sa pananalita, kilos, gawi at paniniwala mula sa akda.

| Mga Tauhan | Katotohanan | Di-Katotohanan |
|---|---|---|
| Isagani | | |
| | | |
| G.Pasta | | |
| | | |
| Quiroga | | |
| | | |
| Simoun | | |

Iwasto mo ang iyong sagot. Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Kung ang iyong sagot ay malapit, ito ay katanggap-tanggap.

d. Halagang Pangkatauhan

Panuto: Batay sa pinag-aralan mong bahagi ng El Filibusterismo, punan ng angkop na sagot ang mga patlang.

Upang matamo ko ang aking mga hangarin, tutularan ko si _________________ sapagkat _______________.


Hindi ko tutularan si ___________________ sa pagtatamo ng aking mga hangarin sapagkat ___________________.

Nadalian ka ba sa gawain? Sa aling bahagi ka nahirapan? Huwag kang mag-alala, ang susunod na gawain ay madali lang pero tingnan mo muna kung tama ang iyong sagot. Hingin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto at iwasto mo ang iyong sagot.

4. **Palalimin mo…**

Panuto: Itala mo ang lahat ng mga dapat na isaalang-alang na makatutulong upang magkaroon ng magandang bunga ang iyong mga kahilingan.

H
A
**N**
**G**
A
**R**
I
N



Nahirapan ka ba? Saang bahagi ka nahirapan? Upang makatiyak ka, kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.

5. **Gamitin mo...**

Panuto: Matamang basahin ang mga sumusunod na sitwasyon at ibigay mo ang iyong reaksyon ukol dito. Ipaliwanag mo ang iyong sagot.

1. Nahalal kang pangulo ng inyong klase at nasangkot ang klase ninyo sa dayaan sa araw ng pagsusulit. Nagpaliwanag kayo ng mga kamag-aral mo ukol sa nangyari ngunit ayaw makipag-usap ng iyong guro. Ano ang iyong gagawin?

2. Bilang puno ng barangay, nais mong magkaroon ng Social Hall sa inyong pook ngunit marami ang sumasalungat dito lalo na ang iyong mga kagawad. Ano ang gagawin mo?

Kung ang iyong sagot ay malapit sa nasa susi sa pagwawasto, ito ay katanggap-tanggap.

6. **Sulatin mo**…

Panuto: Punan ng angkop na pahayag ang patlang upang mabuo ang kaisipan. .


Upang maisakatuparan ko ang aking mga plano,
dapat na _______________.

Sa pagsasakatuparan ng aking mga plano,
hindi ako dapat na ______________.

Madali lang di ba? Ngayon, iwasto mo ang iyong sagot. Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawastto. Ito ay magiging katanggap-tanggap kung malapit sa tamang sagot.

**7. Lagumin mo….**

Panuto: Sa tulong ng dayagram sa ibaba, ibigay ang mga kaisipang nangingibabaw sa akda.




Iwasto ang iyong sagot. Tingnan mo ang susi sa pagwawasto. Kung ito ay malapit sa tamang sagot, ito ay katanggap-tanggap.

**8, Subukin mo…**

Panuto: Piliin ang titik ng wastong sagot.

1. Nautusang <u>mangilak</u> ng ambag si Juanito Pelaez para sa bantayog ng isang paring Dominiko. Ang salitang may salungguhit ay nangangahulugang ________.
   a. manghingi c. maghanap
   b. mag-ipon d. mangalap

2. Nagtutungayaw ang intsik sa mga estudyanteng bumibili. Ang nagtutungayaw ay ___________.
   a. nagagalit c. sumisigaw
   b. nagmumura d. tumitili

3. Naghandog ng piging si Quiroga sapagkat nais niyang magkaroon ng konsulado ng mga Intsik. Ang pahayag ay nangangahulugang _______ si Quiroga.
   a. mapagbigay c. matulungin
   b. mapanuri d. mapanlangis

4. Alin sa mga sumusunod ang naging saloobin ni G. Pasta sa pag-uusap nila ni Isagani?
    a. pagkabahala
    b. paghanga
    c. pagkatakot
    d. pagkatuwa

5. Alin sa mga sumusunod ang katotohanan sa di pakikialam ni G. Pasta sa suliranin ng mga estudyante?
    a. Natatakot siyang madamay sa gulo
    b. May mga ari-arian siyang dapat pangalagaan
    c. Hindi niya kaya ang mga prayle
    d. Wala siyang pakialam sa mga estudyante.

6. Alin ang hindi totoo sa pagkatao ni Quiroga sa paghahandog niya ng piging?
    a. palakaibigan sa tao
    b. tunay na mapagkawanggawa
    c. natutuwa sa mga panauhin
    d. nag-iisip ng ikabubuti ng sarili

7. Ano ang totoo kay Padre Florentino sa pahayag na "itinuro ng kanyang amain ang pag-alala sa iba tulad ng pag-aalala sa sarili, sa kalagayan ng lalo pang aba"?
    a. maaalalahanin
    b. makatao
    c. matulungin
    d. mapagkawanggawa

8. Ayon kay Simoun, babawasan niya ang utang ni Quiroga kung papayag itong itago ang mga baril sa tindahan, sa pahayag na ito, si Simoun ay ______________.
    a. mapagmataas
    b. mapagsamantla
    c. mapagbigay
    d. maunawain

9-10. Alin-alin ang masasamang dulot ng panunuhol?
    a. pang-aabuso ng kapwa
    b. pandaraya sa layon
    c. pagkatalo ng katunggali
    d. pananaig ng kasamaan
    e. paglaban sa nakatataas

Iwasto mo ang iyong sagot. Kung ang iyong iskor ay 7 pataas, magaling ka! Kung ang iskor mo naman ay 6 pababa, gawin mo ang kasunod na gawain. Madali lang ito.

9. **Paunlarin mo….**

Bumuo ka ng isang saknong na kinapapalooban ng pangunahing kaisipang nakuha mo sa aralin. Ang gagawin mong saknong ay dapat na may sukat at tugmaan.

Kung tapos ka na, kunin mo ang susi ng pagwawasto sa iyong guro. Ito'y katanggap-tanggap kung malapit sa tamang sagot.

# VII. Aralin 3: Mga Palaisipan

## A. Anu-ano ang mga Tiyak na Matututunan Mo?

Matapos mong mabasa ang buod ng Kabanata XVII-Ang Perya sa Quiapo, Kabanata XVIII- Mga Kadayaan, Kabanata XIX- Ang Mitsa at Kabanata XX- Ang Nagpapalagay na binigyan ng pamagat na "Mga Palaisipan" inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kaisipan:

1. Nabibigyang-kahulugan ang mga piling pahayag na nagpapaliwanag sa kilos ng mga tauhan
2. Nasusuri ang mga piling pahayag na nagpapatotoo sa mga tauhan
3. Nabibigyang-reaksiyon ang ugnayan ng mga tauhan sa lipunan
4. Nailalahad ang kakayahan ng paglinang sa sariling talento
5. Nabubuo ang kaisipan ng akda sa pamamagitan ng islogan

## B. Mga Gawain sa Pagkatuto

1. **Alamin mo…**

   Panuto: Buuin ang salitang nasa loob ng kahon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga kasunod na tanong.

| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | | | | | | | | | | | |
| 2 | | | | | | | | | | | |
| 3 | | | | | | | | | | | |
| 4 | | | | | | | | | | | |
| 5 | | | | | | | | | | | |

1. Ang tawag sa kaaway ng pamahalaan
2. Ang kaibigan ni Ibarra sa Noli Me Tangere
3. Ang katangian ni Huli
4. Ang kasingkahulugan ng Amerikano na tawag kay Simoun
5. Ang tugtog sa kampana na nauukol sa patay

Tingnan mo sa susi ng pagwawasto na nasa iyong guro kung tama ang iyong sagot.

Pagkatapos, tingnan mo kung ano ang kaugnayan ng mga salitang ito sa mga kabanatang pag-aaralan mo.

**2. Basahin mo…**

**Mga Palaisipan**

Punung-puno ng tao at panoorin ang perya. Naroon sina Padre Camora at Ben-Zayb na tuwang-tuwa sa pagtingin sa mga magagandang dilag lalo na nang masalubong niya si Paulita Gomez, ang pinakamaganda ng gabing yaon, kasama si Isagani, kasunod si Donya Victorina. Mabanayad itong naglalakad habang nayayamot naman si Isagani sa maraming lalaking nabibighani sa kagandahan ng dalaga.

Nakarating sila sa tindahan ng mga tau-tauhang kahoy na kapansing-pansing may mga kawangki itong mga prayle ngunit maayos, makikinis at maganda ang imaheng ipinakikita. Hindi katulad sa Europa na kakaiba sapagkat doo'y inilalarawan silang nagsusugal, natutulog sa ibabaw ng bariles ng alak, naglalasing at nagpaparaan ng oras sa pagpindot sa pisngi ng dalaga. Sa Pilipinas,ang mukha nila ay payapa at kagalang-galang, Ang kilos ay walang iniwan sa santo, na sa halip na sagisag ng kayamuan at kahalayan, sila ay may dala-dalang krusipiho at aklat. Sa halip na panghahalik sa tagabukid, dito sa Maynila ay nagpapahalik ng mga kamay sa mga bata at matatanda. Sa halip na prayleng pulubi na dumudulog sa bahay-bahay, sa Maynila sila ang mga prayleng nagbibigay ng ginto sa mga Indiyo. Nakita rin nina Padre Camorra at Ben-Zayb ang larawan ng isang matandang babaeng bulag ang isang mata sabug-sabog ang buhok at nakalupasay sa lupa na ayon kay Padre Comares ay hangal ang mag-isip ng larawang iyon. Nakita rin nila ang isang lalaking nakagapos ang kamay na tinatanuran ng mga guwardiya sibil na pinagtawanan din nila at nang nakita ang larawang kahawig ni Simoun, bigla nila itong naalala at nagpatuloy sila sa paglakad hanggang sa humantong sila sa tanghalan ni Mr. Deeds.

Magiliw na sinalubong ni Mr. Leeds ang pangkat ng manonood. Si Mr. Leeds ay tunay na Amerikano, mabuting magsalita ng Kastila at hindi tumangging magsiyasat sa loob ng tanghalan bago magsimula ang pagtatanghal, kaya iyon ang agad na ginawa ni Ben-zayb..Hinanap niya ang salamin ngunit ayon kay Mr. Leeds, ang salamin niya ay nasa hotel. Nagbalik na lamang kaagad ang mamamahayag sa kanyang upuan.

Di nagtagal, inilabas ni Mr. Leeds ang isang kahon na maitim, bukbukin na may lilok na ibon, mga hayop, mga bulaklak, mga ulo ng tao at iba pa .Nang buksan ang naturang kahon, nag-amoy bangkay ang loob ng tanghalan.. Ayon sa Amerikano, ang kahon ay galing pa sa piramide ng paraong si Khufu at ito ay may lamang sandakot na abo at isang lumang papel na may sulat. Binasa niya ang nakasulat at ang abo ay naging ulo. Natakot siya ngunit nilakasan niya ang kanya loob at muling binasa ang nakasulat at ang ulo ay muling naging abo.

Samantala, maingay sa labas sapagkat si sila pinapapasok. Tanging ang mga prayle, matataas na tao at mayayaman lamang ang nasa loob.Sa pagkakataong iyon, binigkas ni Mr. Leeds ang salitang "Dere mof!" Biglang umandap-andap ang mga ilawan, lumangitngit ang hapag at may daing na nanggaling sa kahon. Nabuksan nang kusa ang kahon at lumitaw ang ulo at idinilat nito ang kanyang mata. Tiningnan nito nang isa-isa ang mga naroroon at tinitigan si Padre Salvi na nanginginig. Inuutusan ng amerikano na magpakilala ang espinghe. Ayon sa espinghe sa tinig na nakatatakot na siya raw ay si Imuthis na isinilang sa panahon ni Amasis at namatay noong pananakop ng mga Persyano. Ayon sa kanya, galing siya na pag-aaral sa Gresya, Asirya at Persiya at pauwi na sa sariling bayan. Natuklasan niya na si Smerdis ay nagpanggap lamang nang mapadaan siya sa Babilonya. Ang totoo, siya ay si Gautama na padayang naghawak ng kapangyarihan at sa tulong ng mga paring Ehipsiyo, siya ay napanganyaya. Di umano, ito ay pakana ng isang batang pare na nagkukunwang banal.

Ayon sa espinghe, umiibig siya sa anak ng isang pare at naibigan din ito ng batang pare.Gumawa ito ng kaguluhan. Tinugis at napatay siya. Sa kabilang daigdig, nakita niya ang paghalay sa dalaga. Idinugtong pa niya na siya ay mabubuhay upang maghiganti. Samantala, takot na takot si Padre Salvi hanggang sa ito ay hinimatay.

Kinabukasan, pinag-utos ng simbahan na ihinto ang palabas ngunit wala na si Mr. Leeds. Umalis na ito patungong Hong Kong.

Samantala, galit na galit pa rin si Placido Penitente pagkagaling sa klase sa pisika. Mainit pa rin ang ulo niya nang makarating siya sa bahay. Patuloy naman si Kabesang Andang sa pakiusap sa anak na magpatuloy sa pag-aaral na makikiusap siya sa prokurador ng Augustino na maayos ang problema niya sa Dominiko ngunit ito ay hindi pinakinggan ni Placido. Muling umalis ang binata Nang gumabi, napatungo siya sa Perya at doon nakita niya si Simoun.

Isinama ni Simoun si Placido, Nagtungo sila sa pagawaan ng pulbura na pinangangasiwaan ng dating guro ng San Diego. Nais niyang matuloy na ang himagsikan upang mabawi na niya si Maria Clara. Pagkatapos , dalawang oras silang nag-usap ng mag-aalahas.

Kinabukasan, nakinig na si Palcido Penitente sa kanyang ina. Ipinayo ni Kabesang Andang na magbalik a lawang ito sa lalawigan at din ipinaalam sa prokurador na naroon siya sapagkat hihingan pa siya ng regalo at pamisa.

Sa isang banda naman, nag-iisip si Simoun at waring nakita niya ang kanyang ama na si Don Rafael at si Elias na waring tumututol sa kanyang mga plano ngunit umiiling siya at nagwika ng ganito. "Kung ako'y tumulad sa inyo'y patay na ako." Idinugtong pa niya na "Gumagawa ako ng masam upang mabigyang-daan ang mabuti"

Sa kabilang dako naman, pagkagaling ni Don Custodio sa perya, hinarap naman niya nag suliranin ukol sa Akademya ng Wikang Kastila na ayon kay Padre Irene ay patungo na sa pagkalutas nito.

Si Don Custodio ang pinakamasipag sa lahat ng nagpapalagay sa buong daigdig ayon kay Ben-Zayb. Madalas siyang tawaging Buena Tinta at nabibilang sa mataas na uri ng lipunan sa Maynila. Sinasabing siya ay walang kapaguran,bantog,maingat,masipag,palaisip, mapanuri, mayaman at iba pa. Kahit na maraming tungkulin, hindi siya kabilang sa mga natutulog sa mga pulong. Nagpapahalaga siya sa kanyang karangalan at sinasamantala ang lahat ng makikinabang dito.

Minsan, siya ay pinabalik sa Espanya nang maipagamot ang sakit sa atay. Nailathala ito sa pahayagan na di umano ay upang magpanibagong-lakas ngunit ang totoo, naging napakaliit niya at walang kabuluhan. Hindi siya gasino, hindi siya nakahahalubilo sa mga mayayaman kaya wala pang isang taon ay nagbalik na sya sa Pilipinas, sa bayang halos dumidiyos sa kanya.

Pagbalik naman ni Don Custodio sa Maynila, nagyabang naman siya ng kung anu-anong kasinungalingan tulad ng inalok siya ng trabaho, umakda siya ng mga talumpati at panukala, na alam niya ang mga nangyari sa korte at kung anu-ano pa.

Para kay Don Custodio, ang Pilipinas ay dapat bumuti lamang hanggang sa ikabubuti ng mga Kastilang naninirahan dito. Mababang-mababa ang tingin niya sa mga Indiyo. Para sa kanya, ang mga Indiyo ay ipinanganak upang maging utusan at kailangang supilin sila't pagsabihang lagi na sila'y sa gayon lamang ukol.

Naunawaan mo ba ang iyong binasa. Nakilala mo nang lubusan ang iba pang tauhan ng El Filibusterismo.

Handa ka na bang sagutin ang mga pagsasanay? Simulan mo na.

**3. Linangin mo**…

a. Pagsusuring Panglinggwistika

Panuto: Piliin sa ibaba ang kahulugan ng mga sumusunod na pahayag. Titik lamang ang isulat.

1. Nayayamot si Isagani sa mga kalalakihang nabibighani sa kagandahan ni Paulita.
2. Pilit na hinanap ni Ben-Zayb ang salamin bago magtanghal si Mr. Leeds.
3. Tanging mga prayle, mayayaman at matataas na tao lamang ang pinayagan sa

tanghalan.
4. Takot na takot si Padre Salvi sa titig ng espinghe.
5. Ayon kay Simoun, gumagawa siya ng masama upang mabigyang-daan ang mabuti.

a. Inuusig siya ng sariling budhi
b. Naghihinala siyang may pandaraya sa pagtatanghal
c. Naninibugho siya
d. Maganda ang plano niya sa bansa
e. Sadyang pili lamang ang mga taong binibigyan ng pagkakataon

Kung tapos ka na sa pagsagot, kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.

**b. Pagsusuring Pangnilalaman**

Panuto: Sipiin sa akda ang mga tiyak na kaugnayan ng mga pahayag na magpapatotoo sa mga tauhan.

| **Mga Pangyayari** | **Tiyak na pahayag mula sa Akda** | **Kaugnayan sa kasalukuyan** |
|---|---|---|
| paghihinala ni Ben-Zayb tungkol sa Palabas | | |
| Ang pagkatakot ni Padre Salvi | | |
| Ang mitsa ng paghihimagsik | | |
| Ang pakikitungo ni Don Custodio sa mga Indiyo | | |

Matapos mong maisagawa ang gawaing ito, kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto kung ang iyong sagot ay katulad ng sa susi ito ay katanggap-tanggap.

**c. Pagsusuring Pampanitikan**

Panuto: Mula sa mga tiyak na pahayag na nasa itaas, suriin ang mga ito ayon sa hinihingi sa bawat hanay.

| MGA Tiyak na Pahayag | IKINILOS NG TAUHAN | PARAAN NG PAGSASALITA | PANINIWALA |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |

Iwasto mo ang iyong sagot. Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.

Ngayon, tingnan no ang sumusunod na gawain. Madali lamang ito kaya huwag kang mag-alala.

**C. Halagang Pangkatauhan**

Panuto: Punan ng angkop na sagot ang mga patlang.

Gustung-gusto ko sa tao __________________sapagkat________________________

Ayaw na ayaw ko sa tao ang _____________ dahil sa _____________________________.

Madali lang di ba? Kung ang iyong sagot ay malapit sa nasa susi sa pagwawasto, ito ay katanggap-tanggap.

**4. Palalimin mo…**

a. Mula sa akda, nakita natin na magkaiba ang pagkalilok ng taga-Espanya sa pagkalilok ng mg Pilipino sa imahe ng mga prayle, bakit kaya? (LOV)
b. Tama kaya ang ginawa ni Ben Zayb na maghanap kaagad ng kadayaan sa pagtatanghal ni Mr. Leeds?
c. Sang-ayon ka bas a plano ni Simoun?
d. Gawin mo ang kasunod na gawain batay sa plano ni Simoun na maghimagsik laban sa mga Kastila.

| POSITIBO | KAWILI-WILI | NEGATIBO |
|---|---|---|
| | | |

Tapos ka na ba? Kamusta ka na sa gawaing ito? Nahirapan ka ba? Sa aling bahagi ka nahirapan? Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Katanggap-tanggap ang marka mo kung malapit sa tamang sagot.

**5. Gamitin mo**….

a. Kung ikaw ay bibigyan ng pagkakataong magpasya sa isang delikadong usapin tulad ni Don Custodio, anu-ano ang mga dapat mong isaalang-alang? Itala mo ito ayon sa pagkakasunud-sunod.

b. kung nagkaroon ka ng suliranin sa puso tulad ni Simoun, paano mo ito haharapin? Ano ang gagawin mo?

Kung tapos ka na sa pagsagot, iwasto mo na ito. Tingnan mo kung ang sagot mo ay malapit sa nasa susi sa pagwawasto. Kung ang iyong sagot ay malapit, ito ay katanggap-tanggap.

**6. Sulatin mo….**

Panuto: Itala mo ang mga naging palaisipan sa iyo na akdang tinalakay at ipaliwanag ito ayon sa iyong paniniwala at pagkaunawa.

| MGA PALAISIPAN | PALIWANAG |
|---|---|
| | |

Iwasto mo ang iyong sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.
Dumako ka naman sa susunod na pagsasanay. Madali lang ito.

7. **Lagumin mo …**

Panuto: Bilugan ang bilang ng mga natututunan mo sa aralin.

1. Ang mga Pilipino ay mahusay sa paglilok.
2. Naihahayag ng mga Pilipino sa pamamagitan ng sining ang kanilang mga nararamdaman at karaingan nang hindi nauunawaan ng mga Kastila.
3. Madaya ang mga Pilipino.
4. Ang buhay ni Imuthis at ni Simoun ay magkatulad.
5. Namatay na si Maria Clara.
6. Sumama na kay Simoun ang guro.
7. Si Maria Clara ang mitsa ng himagsikan.

8. Sang-ayon sina Elias at Don Rafael sa pakana ni Simoun.
9. Kilalang tao si Don Custodio sa Espanya.
10. Iginagalang sa Pilipinas si Don Custodio.

Tingnan mo kung tama ang iyong sagot. Hingin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.

**8. Subukin mo….**

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Si Imuthis ay <u>napanganyaya</u> dahil sa isang pandaraya. Ang salitang may salungguhit ay nangangahulugang__________.
   a. naloko c. nasukol
   b. napahamak d. nalito

2. Si Don Custodio ay kaagad nagbalik sa Pilipinas, sa mga <u>Dumidiyos</u> sa kanya. Ang salitang Dumidiyos ay nangangahulugang_________.
   a. karaniwang tao lamang c. walang nakakakilala
   b. hindi pinapansin d. walang ginagawa

3. Sa pahayag na "ang Pilipinas ay dapat bumuti lamang hanggang sa ikabubuti ng mga Kastilang naninirahan dito," nangangahulugang ________
   a. higit ang pagmamalasakit niya sa mga Kastila
   b. dapat talagang bumuti ang kalagayan ng mga Kastila
   c. sa Pilipinas nakasalalay ang ikabubuti ng mga Kastila
   d. maraming Kastila ang naninirahan sa Pilipinas.

4. Alin ang totoo ayon sa akda?
   a. Magkatulad ng kapalaran sina Imuthis at Crisostomo.
   b. May malasakit si Don Custodio sa mga Indiyo.
   c. Sa Perya magaganap ang himagsikan.
   d. Iginagalang si Don Custodio sa Espanya

5. Alin sa mga sumusunod ang tunay na sanhi ng paghihimagsik ni Simoun?
   a. Mapaghiganti ang amang si Don Rafael Ibarra.
   b. Mabago ang takbo ng pamumuhay sa Pilipinas
   c. Mabawi si Maria Clara
   d. Naaawa siya sa mga Pilipino
   .

6. Alin ang hindi tahasang binanggit sa akda?
   a. Si Simoun ang may pakana ng pagtatanghal
   b. Iginagalang ng mga Pilipino si Don Custodio
   c. Marami ang nabibighani kay PAulita Gomez
   d. Natakot ang mga nanonood kay Paulita Gomez

7. Alin kaya ang tunay na sanhi ng pagkatakot ni Padre Salvi?
    a. Sadyang matatakutin si Padre Salvi
    b. Talagang nakatatakot ang pagtatanghal
    c. Inuusig siya ng sariling budhi
    d. Siya ang tinutukoy ng espinghe

8. Alin kaya sa mga sumusunod ang nagpabago ng isip ni Placido hinggil sa kanyang pag-aaral.
    a. Natakot siya sa kanyang propesor
    b. Nag-alala siya sa kalagayan ng ina
    c. Nawala na ang galit niya sa propesor
    d. Natakot siya sa himagsikang magaganap

9-10. Alin sa mga sumusunod ang mabuting ibinubunga ng pagpapahalaga at paglinang sa talento ng Pilipino?
    a. Mapupuri ng ibang tao
    b. Maiaangat ang sarili
    c. Makatutulong sa bansa
    d. Nawawala ang hiya
    e. Makapamumuhay nang maayos

**9. Paunlarin mo….**

Bumuo ng mga islogan hinggil sa mga kaisipang nahango sa akda. Tiyakin na ito ay may sukat at tugma.

Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Kung ito ay malapit, ang iyong islogan ay katanggap-tanggap

## VIII. Gaano ka na Kahusay?

Panuto: Piliin ang titik ng wastong sagot:

1. "Unahin muna ang mga paraang di <u>mahalay.    </u>ang may salungguhit ay nangangahulugang ________.

    a. masama — c. matuwid
    b. masagwa — d. maayos

2. Ang bukang-liwayway ay namamanaag na. Ang namamanaag ay nangangahulugang _____________

    a. nakikita — c. natatanaw
    b. dumarating — d. naaaninag

3. Sa pahayag na "Ang gawain ay magtatapos na at ang kanyang tagumpay ay siyang magbibigay katwiran sa akin", ito ay nangangahulugang__________.
    b. katapusan ng gawain
    c. kagalakan ng damdamin
    d. katatagan ng katwiran
    e. katuparan ng isang pangarap

4. Tumutol si G. Pasta na tulungan ang mga mag-aaral sa pagkakaroon ng Akademya ng Wikang Kastila dahil____________.
    a. siya ay dugong-Kastila
    b. hindi nita ito naiintindihan
    c. takot siyang mawala ang kanyang yaman
    d. magagalit ang Kapitan-Heneral at ibang Prayle

5. Ayon kay Isagani, ang uban ay sumasagisag sa ________.
    a. pagiging matanda
    b. maputing buhok
    c. pinagkatandaan
    d. paglipas ng panahon

6. Ang pangunaing pakay ni Simoun sa paghihimagsik ay ________________
    a. mamatay ang mga Prayle
    b. mabawi si Maria Clara
    c. matulungan si Kabesang Tales
    d. maibagsak ang pamahalaan

7. Sinabi ni Simoun na ang "sama ay nasa mga tulisan sa loob ng bayan at lungsod." ipinahihiwatig niya na _________
    a. masasama ang mga Prayle
    b. may mga tulisan sa lungsod
    c. dapat mag-ingat sa lungsod
    d. dapat mag-ingat ang mga Prayle

8. Alin ang totoo sa pagkatao ni Quiroga?
    e. kaibigan siya ni Simoun
    f. mapanlangis at makasarili
    g. matuluging negosyante
    h. kaanib sa himagsikan

9.-10). Alin-alin ang buting ibinubunga ng pagtitiis?
    a. Marami ang maaawa
    b. Matatamo ang hangarin
    c. Darami ang trabaho
    d. Uunlad ang buhay
    e. Hahangaan ng kapwa